


# STI at HIV

**Proteksyunan ang sarili at ang mahal sa buhay**

Inilathala ng

Likhaan
center for women's health

# Ano ang STI at HIV?

**STI**—sexually transmitted infection (impeksyong naihahawa sa pakikipagtalik)
**HIV**—human immunodeficiency virus (virus na sanhi ng AIDS)
**AIDS**—acquired immune deficiency syndrome (sakit bunga ng matinding pagpahina ng HIV sa immune system o natural na depensa ng katawan)
**HPV**—human papilloma virus (virus na sanhi ng kanser sa cervix at kulugo sa ari at puwit)


Ito ay mga impeksyong dulot ng mikrobyo na naihahawa ng mga taong may impeksyon na papunta sa iba, karaniwan mula sa sex (pagtatalik).

Walo sa mga mikrobyong nagdudulot ng pinakamaraming sakit sa buong mundo, at nakikita rin dito sa Pilipinas, ang sumusunod:

- Chlamydia (klamidya)
- Tulo o gonorrhea (gonoriya)
- Syphilis (sipilis)
- Trichomonas (trikomonas)
- Herpes sa ari
- HPV
- HIV
- Hepatitis B

Iba't ibang klase ng organismo ang mga mikrobyo. *Bacteria* ang tawag sa sanhi ng chlamydia, gonorrhea, at syphilis na impeksyon. *Protozoa* ang sa trichomonas. *Virus* ang sa herpes, HPV, HIV, at hepatitis B. Magkakaiba ang medisinang tumatalab, kaya dapat alamin muna ang sanhi bago maggamot. Sa sobrang liit, hindi nakikita ang mga mikrobyo kung walang kagamitan, kaya mahalagang kumonsulta sa health professional na may kaalaman at kasanayan.








# Ano'ng mga sintoma o palatandaan?

Madalas walang sintoma o hindi nararamdaman, lalo na sa kababaihan.

Pelvic exam para masuri ang panloob na ari







**MGA SINTOMA SA ILAN:**

- Discharge galing sa ari o ihian—chlamydia, gonorrhea, trichomonas
- Masakit o mainit na pag-ihi sa lalaki—chlamydia, gonorrhea, trichomonas
- Butlig na nag-uuka at masakit—herpes
- Butlig na nag-uuka pero hindi masakit—syphilis
- Pamamaga ng atay, paninilaw—hepatitis B
- Kulugo—HPV
- Pananakit ng puson dahil sa pamamaga ng panloob na ari, sa matris o kalapit nito—chlamydia, gonorrhea


mga butlig


herpes


syphilis


kulugo


masakit ang puson


masakit umihi

# Paano nahahawa?

**SEKSWAL**




Lahat ay puwedeng mahawa sa sex na walang proteksyon (walang condom o barrier). Puwedeng babae, lalaki, o LGBT. Puwedeng sex sa ari, sa bibig, o sa puwet. Dahil madalas wala ngang sintoma, hindi madaling makita o malaman kung may impeksyon ang kapartner mo.

**DI-SEKSWAL**




**Hepatitis B, HIV, syphilis, chlamidia, gonorrhea**


- Puwedeng mahawa ang sanggol sa sinapupunan o habang sinisilang ng nanay na may impeksyon
- Puwedeng mahawa kung masalinan ng dugo na may impeksyon



**Hepatitis B, HIV**

- Puwedeng mahawa kung matusok ng karayom o mahiwa ng blade na may dugong may impeksyon, halimbawa sa pag-iniksyon, acupuncture, pagbu-butas ng tenga, pagpapalagay ng tato, pagpapadentista, atbp.







## Paano sinusuri at ginagamot?

### MGA EKSAMINASYON

Nakabatay ang paggamot sa mikrobyong sanhi ng impeksyon. Inaalam ito gamit ang iba't ibang eksaminasyon:

- Pagtingin at pagkapa sa ari; hanggang panloob na ari kung babae (pelvic examination)
  - Nakikita ang uka, discharge o pamamaga
  - May gamit na pansilip sa panloob na ari ng babae (speculum)
- Pagsusuri ng mga mikrobyo o selyula ng katawan (cytology)
  - Gumagamit ng pampalaki ng nakikita (microscope)
- Pagsusuri ng dugo o ihi

### MGA MEDISINA

May mga medisina para mapuksa ang mga mikrobyong bacteria (sanhi ng chlamydia, gonorrhea, at syphilis) at protozoa (sanhi ng trichomonas). Kaya puwedeng ganap na gumaling mula sa sakit. *Antibiotics* ang tawag sa mga medisinang ito.

May mga medisina para mabawasan ang mikrobyong virus (sanhi ng  herpes, HPV, HIV, at hepatitis B), pero hindi ito napupuksa. Hindi ganap na gagaling, pero nalalabanan na ng katawan ang virus o nababawasan ang sintoma. *Antivirals* o *antiretrovirals* ang tawag sa mga medisinang ito.

Resistensya laban sa medisina ang isang malaking problema sa paggagamot. Halimbawa, maraming antibiotics ang hindi na tumatalab sa gonorrhea. Kabilang sa mga dahilan ang maling klase ng gamot, maling dose, maling tagal, at iba pang hindi akmang paggamit.

# Epekto ng STI at HIV na hindi naagapan

Malawak at matindi ang epekto sa kalusugang sekswal at reproduktibo kapag hindi nagamot o hindi naagapan.

| Mikrobyo | Epekto sa babae | Epekto sa lalaki |
|---|---|---|
| **Chlamydia at Gonorrhea** | • Impeksyon sa matris, tubo, obaryo (pelvic inflammatory disease o PID) | Impeksyon sa daluyan ng semilya |
| | • Pagkabaog | Pareho |
| | • Pagbubuntis sa labas ng matris | Wala |
| | • Premature na panganganak | Wala |
| | • Impeksyon sa mata ng sanggol | Wala |
| | • Pagkabulag ng sanggol | Wala |
| | • Pulmonya ng sanggol | Wala |
| | • Pagkamatay ng sanggol | Wala |
| **Trichomonas** | • Premature na panganganak | Wala |
| | • Sanggol na mababa ang timbang | Wala |
| **Herpes** | • Pagtagal ng masakit na butlig | Pareho |
| | • Mas menos kumpara sa lalaki | Impeksyon sa pantog, puwit; meningitis |
| | • Pagkabulag, pagkasira ng utak, at pagkamatay ng sanggol | Wala |
| | • Herpes mula ipanganak (congenital) | Wala |
| | • Mas mabilis na pagkahawa ng HIV; paghawa sa sanggol na maaring ikamatay nito | Wala |
| | • Pinsala sa utak, mata, puso, atbp. | Mas matindi |
| **Syphilis** | • Sanggol na patay bago o matapos ipanganak (stillbirth) | Wala |
| | • Syphilis mula ipanganak (congenital) | Wala |
| **HPV** | • Kanser sa cervix at puwit | Kanser sa titi at puwit (mas madalang) |
| **Hepatitis B** | • Matagalang impeksyon sa atay (chronic hepatitis) | Mas matindi |
| | • Paninigas ng atay (cirrhosis) | Mas matindi |
| | • Kanser sa atay | Mas matindi |
| **HIV** | • AIDS (impeksyon, kanser) | Pareho |
| | • Pagkamatay | Pareho |
| | • HIV ng sanggol | Wala |

# Pag-iwas

**MAS LIGTAS NA GAWAING SEKSWAL**

- Pag-iwas sa sex na hindi napag-iisipan (casual sex)
- Sex na walang penetrasyon (non-penetrative sex)
- Wasto at tuloy-tuloy na paggamit ng condom




**IBA PANG PARAAN**

- Bakuna laban sa hepatitis B at HPV
- Pagtuli sa lalaki (may dagdag na proteksyon sa HIV)
- Pag-iingat sa iniksyon, pagpapalagay ng tato, at iba pang pagpapatusok

# Ano ang maitutulong ng komunidad?

- Alamin ang mahahalagang bagay sa STI at HIV—paano nahahawa, epekto, paggamot at pag-iwas
- Sundin ang mas ligtas na mga sekswal na gawi sa sariling buhay, at palaganapin ang mga ito sa kapamilya at kakomunidad




- Lumahok at suportahan ang mga pag-aaral at talakayan tungkol sa STI at HIV
- Magbigay ng tamang impormasyon at payo sa mga taong posibleng may STI o HIV
- Labanan ang karahasang sekswal na nagpapalaki ng panganib ng STI at HIV

## Likhaan Center for Women's Health – Clinics

**Manila**

- 1909 Radial Road 10, Bgy. 107, Tondo (near Herbosa St.) • Tel: 261-9369 & 964-5705 • Map: http://bit.ly/go2lila • Tue–Sat, 8am–4pm ⬠
- 2362-C Crisolita St., Bgy. 804, San Andres Bukid (near Florentino Torres St.) Tel: 732-0327 • Map: http://bit.ly/go2crisolita • Tue–Sat, 8am–4pm ⬠
- 354 Zaragoza St., Bgy. 13, Tondo (near Wagas St.) • Tel: 0927-0629711 & 247-4117 • Map: http://bit.ly/go2zaragoza • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Navotas**

- Dalagang Bukid St. corner Karpa Alley, Bgy. NBBS • Tel: 0927-0629727 & 398-2784 • Map: http://bit.ly/go2dalaga • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Quezon City (main office)**

- 27 Ofelia St., Bgy. Bahay Toro (near Road 20) • Tel: 926-6230 & 454-3854 • Map: http://bit.ly/go2ofelia • Mon–Fri, 10am–4pm • office@likhaan.org

**San Jose del Monte, Bulacan**

- San Jose del Monte-Norzagaray Road (Quirino Highway), Bgy. Minuyan Proper (near Towerville Phase I) • Tel: 0927-0629719 & 261-9384 • Map: http://bit.ly/go2minuyan • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Eastern Samar**

- National Highway, Bgy. 5, Giporlos municipality • Tel: 0948-9044611 • Map: http://bit.ly/go2giporlos • Tue–Sat, 8am–4pm △

– Birthing Home, DOH-licensed & PhilHealth accredited
⬠ – Jointly operated with *Médecins Sans Frontières (MSF)*
△ – With funding support from *Global Affairs Canada (GAC)* & *Inter Pares*

Lahat ay may family planning/kontrasepsyon (IUD, implant, injectables, pills, condoms, LAM, NFP, at referral para sa tubal ligation at vasectomy) at iba pang reproductive health na serbisyo, gaya ng sa sexually transmitted infections at cervical cancer screening. May partikular na serbisyo ang ilan, gaya ng sexual violence health services, VIA at cryotherapy kapartner ang MSF. Tumawag para sa dagdag na impormasyon.

## Prinsipyo ng Likhaan Center for Women's Health

Karapatang pantao ang kalusugan. Hindi dapat pagkaitan ng serbisyo ang sinuman dahil siya'y mahirap, babae, bata, LGBT, may kapansanan, o kayang gipitin ng diskriminasyon. Dahil dito, binibigay namin nang libre at mahusay sa pasyente ang anumang tulong o kita mula sa PhilHealth, gobyerno, at donor.

Responsibilidad ng Likhaan ang lahat ng nilalaman ng babasahing ito. Sinakap naming ibatay sa pinakabagong dokumento ang mga impormasyon at interpretasyon. Anumang pagkakamali ay amin. Hindi dapat ipakahulugan na suportado ng mga organisasyon at ahensyang nabanggit dito ang nilalaman ng babasahin.
Hulyo 2018 • Likhaan • office@likhaan.org